# Pagdiriwang sa mga Mahahalaga sa Buhay

**A Lord's Flock Praise & Worship Topic**

ni: Fr. Alex Balatbat

Enero 11, 2025




Simulan natin ang 2025 sa pagdiriwang dahil binigyan tayo ng Diyos ng biyaya ng panibagong taon. Kahit may mga pagsubok tayo, huwag natin tambayan ang problema, dahil may magandang darating (Fil. 4). Tuwa at galak ang laging layunin ng tao. May tunay na kaligayahan, huwad na kaligayahan, at walang saysay na kaligayahan. Ang kaligayahan ay kapangyarihan at pundasyon ng ating lakas (Nehemia 8:10). Mabuti ang Diyos, kaya magdiwang tayo.

May mga kagalakan sa buhay na minamaliit. Pahalagahan at ipagdiwang ang mga ito.

1. **Ang mahimbing na tulog ay karangyaan.** Saan nanggagaling ang gambala ng tulog? Gusto ng Diyos na magpahinga tayo. "Lumapit kayo sa Akin at kayo'y pagpapahingahin Ko" (Mt. 11:28). Ang pahinga ay paggawa sa kalooban ng Diyos. Sundin natin ang Salita ng Diyos.
2. **Kapayapaan ng Isip.** Bakit pa natin binibigyan ng oras ang problema ng iba? Ilaan natin ang ating oras sa Diyos.
3. **Mga kaibigan.** Magbigay ng oras sa malalapit na kaibigan. Mahalin ang tao, gamitin ang mga bagay, at hindi ang kabaliktaran. Ang masasayang sandali ay hindi kumpleto kung walang nakikipagdiwang sa atin. Sinasabi ng Diyos sa atin na mag-alay ng sagradong kaganapan sa ating buhay para maaalala tayo. Alalahanin ang mga nakalimutan o nangangailangan ng ating pagmamahal.
4. **Pag-ibig na walang kondisyon.** Lagi tayong naghahanap ng pagmamahal. Sa dapit-hapon ng ating buhay, maghahanap tayo ng kalinga ng ating mga mahal sa buhay. Hindi kailangang may mapapatunayan tayo para mahalin. Mahalaga ang pag-ibig ng Diyos; huwag natin maliitin ang Kanyang pagmamahal.
5. **Ang katahimikan ay wika ng Diyos.** Sa paggising natin ng umaga, nananahimik ba tayo? Pinatahimik si Zacarias noong tumawa at nagduda sa mensahe ni Anghel Gabriel (Lk. 1:20). Binigyan siya ng Diyos ng regalong katahimikan. Kung tayo'y tahimik, nagsasalita ang Diyos, at maririnig lamang natin ang Kanyang tinig na mabuti, banal, at nagbibigay inspirasyon. Ipamalita ang mga salitang galing sa Kanya.
6. **Ang kalayaang maglakbay.** Lumabas. Hanapin at damdamin ang kagandahan ng bukang liwayway at ang paglubog ng araw. Hindi kailangang gumastos ng malaki sa paglalakbay.
7. **Mga Biyaya sa ating Pagkakamali.** May mga pagkakataon sa ating buhay na puno ng kadiliman. Ngunit sa kadiliman natin nakikita ang liwanag ng bituin ng Pasko. Huwag pahintulutan ang mga pagkakamali at kahihiyan na pigilin ang ating kasiyahan. Walang sinuman ang hindi nagkakamali. May mga pagkakataon na ok ang hindi maging ok. Matuto tayong umiyak; kung hindi, hindi tayo magiging mabuting Kristyano. Hindi tayo magiging masama sa isang pagkakamali lamang. Ang mahalaga na may hangad tayong maging mabuti. Huwag nating pahintulutan ang isang pagkakamali na burahin ang lahat nating mabuting nagawa. Huwag natin pahintulutan ang kadiliman na sirain ang liwanag sa atin. Patuloy pa rin tayong natututo – tama na ito sa Diyos. Ang komunidad ng LF ay hindi perpekto, ang mga tao ay hindi perpekto ngunit nagpasyang magmahal kahit nakararanas ng sakit at nasa kadiliman.

8. **Relasyon.** Pahalagahan ang relasyon. Kung bigo tayo sa relasyon, mabibigo tayo sa buhay. Mabibigo tayo kung ang gusto natin sa ibang tao ay ang nakukuha lamang natin sa Diyos. Diyos lamang ang makapagbibigay ng perpektong pagmamahal; Siya lamang ang makapaghihilom ng ating sugat. Ipagdiwang natin ang pinakamahalaga sa ating buhay, ang Diyos. Ilapit natin sa kanya ang ating mga mahal sa buhay.

**Konklusyon:** Sa kabila ng mga ilaw ng Bagong Taon, ang ilaw ng pag-ibig ang pinakamahalaga. Ang mga minamaliit na ito ay mahahalaga at nagbibigay ng tunay na kaligayahan. Huwag nating ipagpalit ang tunay na kayamanan, ang mga madadala sa kabilang buhay (pag-ibig, kagalakan) sa hindi mahalaga. Ipagdiwang natin ang pinakamahalaga sa ating buhay – si Hesus! Yakapin natin si Hesus ngayon.

**Pagninilay:**

1. Ano ang mga mahahalagang nakaligtaan mo?
2. Paano mo maitutuwid ang iyong buhay para ipagdiwang ang mga mahahalaga ngayong 2025?

**SCRIBES Ministry**
Isinalin ni: Nida Cruz
https://lordsflock.org/teachings/digests
Tags: #Pag-ibig #kagalakan